

# Bakuna sa Dipterya, Tetano, Pertussis, Hepatitis B, Polyo, at *Haemophilus Influenzae* type b (DTaP-HB-IPV-Hib) Diphtheria, Tetanus, Pertussis, Hepatitis B, Polio and *Haemophilus influenzae* type b (DTaP-HB-IPV-Hib) Vaccine

Ang pagbabakuna ay nagligtas ng maraming buhay sa Canada sa huling 50 mga taon kaysa sa anumang iba pang hakbang sa kalusugan.

## Ano ang bakunang DTaP-HB-IPV-Hib?

Ang bakunang ito ay nagpoprotekta laban sa 6 na mga sakit:

- Dipterya
- Tetano
- Pertussis (mahalag na ubo [whooping cough])
- Hepatitis B (HB)
- Polyo (IPV)
- *Haemophilus influenzae* type b (Hib)

Inaprubahan ng Health Canada ang bakuna. Ito ay magiging libre bilang bahagi ng regular na pagbabakuna ng iyong anak. Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang gumawa ng tipanan.

## Sino ang dapat makakuha ng bakunang DTaP-HB-IPV-Hib?

Nakukuha ng mga sanggol ang bakunang DTaP-HB-IPV-Hib bilang isang serye ng 3 dosis. Ang unang dosis ay ibinibigay sa edad na 2 buwan, at ang pangalawa sa 4 na buwan at ang pangatlo sa 6 na buwan. Dapat nilang makuha ang bakunang ito kasabay ng iba pang mga pagbabakuna sa pagkabata.

| Bakuna sa DTaP-HB-IPV-Hib | Edad ng Bata sa Pagbabakuna |
|---------------------------|-----------------------------|
| Unang dosis               | 2 buwan                     |
| Pangalawang dosis         | 4 na buwan                  |
| Pangatlong dosis          | 6 na buwan                  |

Ang isang pampalakas [booster] na dosis ng bakunang DTaP-IPV-Hib ay ibinibigay sa edad na 18 buwan. Ang bakunang ito ay hindi naglalaman ng bakuna ng hepatitis B dahil nakumpleto ng mga bata ang kanilang serye ng bakuna sa hepatitis B sa pagkabata. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [HealthLinkBC File #15b Bakuna sa Dipterya, Tetano, Pertussis, Polyo, \*Haemophilus influenzae\* Type b \(DTaP-IPV-Hib\)](#).

Mahalagang panatilihin ang isang talaan ng lahat ng natanggap na mga pagbabakuna.

## Ano ang mga benepisyong ng bakunang DTaP-HB-IPV-Hib?

Ang bakuna ay ang pinakamahasag na paraan upang maprotektahan ang iyong anak laban sa dipterya, tetano, pertussis, hepatitis B, polyo at *Haemophilus influenzae* type b. Ang mga ito ay malubha at kung minsan ay nakamamatay na mga sakit. Kapag pinabakunahan mo ang iyong anak, nakakatulong ka ring protektahan ang iba.

## Ano ang mga posibleng reaksyon pagkatapos ng bakuna?

Ang mga bakuna ay napakaligtas. Mas ligtas na magbabakuna kaysa magkasakit mula sa isa sa mga sakit na ito.

Maaaring kabilang sa mga karaniwang reaksyon sa bakuna ang pagsakit, pamumula at pamamaga kung saan ibinigay ang bakuna. Ang ilang mga bata ay maaaring magkaroon ng lagnat o makaranas ng pagsusungit, pagkabalisa, pagsusuka, pagtatae, patuloy na pag-iyak o pagkawala ng gana. Ang mga reaksyon na ito ay banayad at sa kadalasan ay tumatagal ng 1 hanggang 2 araw.

Ang Acetaminophen (hal. Tylenol®) o ibuprofen (hal. Advil®) ay maaaring ibigay para sa lagnat o sakit. Ang ASA (hal. Aspirin®) ay hindi dapat ibigay sa sinumang wala pang 18 taong gulang dahil sa panganib ng Reye Sindrom.

\*Ang ibuprofen ay hindi dapat ibigay sa mga batang wala pang 6 na buwang gulang nang hindi muna nakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Reye Sindrom, tingnan ang [HealthLinkBC File #84 Reye Syndrome](#).

Mahalagang manatili sa klinika ng 15 minuto pagkatapos makakuha ng anumang bakuna dahil may napakabihirang posibilidad, na mas mababa sa 1 sa isang milyon, ng isang nagbabanta-sa-buhay na reaksiyong alerhiya na tinatawag na anaphylaxis. Maaaring kasama dito ang mga pantal, kahirapan sa paghinga, o pamamaga ng lalamunan, dila o mga labi. Kung mangyari ang reaksiyong ito, nakahanda ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na

gamutin ito. Kasama sa paggamot sa emerhensiya ang pangangasiwa ng epinephrine (adrenaline) at paglipat sa pinakamalapit na departamento ng emerhensiya sa pamamagitan ng ambulansya. Kung magkaroon ng mga sintomas pagkatapos mong umalis sa klinika, tumawag sa **9-1-1** o sa numero ng iyong lokal na emerhensiya.

Mahalaga na palaging iulat ang seryoso o hindi inaasahang mga reaksyon sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng bakunang DTaP-HB-IPV-Hib?

Makipag-usap sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ang iyong anak ay nagkaroon ng isang nagbabanta sa buhay na reaksyon sa isang nakaraang dosis ng bakunang dipterya, tetano, pertussis, hepatitis B, polio, o *Haemophilus influenzae* type b, o anumang bahagi ng bakuna, kabilang ang neomycin at polymyxin B.

Ang mga batang nagkaroon ng Guillain-Barré Syndrome (GBS) sa loob ng 8 linggo ng pagkuha ng bakuna sa tetano, nang hindi natukoy ang ibang dahilan, ay hindi dapat kumuha ng bakunang DTaP-HB-IPV-Hib. Ang GBS ay isang bihirang kondisyon na maaaring magresulta sa panghihina at paralisis ng mga kalamnan ng katawan. Ito ay kadalasang nangyayari pagkatapos ng mga impeksyon, ngunit sa mga bihirang kaso ay maaari ding mangyari pagkatapos ng ilang mga bakuna.

Ang bakuna ay hindi karaniwang ibinibigay sa mga taong 7 taong gulang at mas matanda.

Hindi na kailangang ipagpaliban ang pagpapabakuna dahil sa sipon o iba pang banayad na sakit. Gayunpaman, kung mayroon kang mga alalahanin, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang dipterya, tetano, pertussis, hepatitis B, polyo, at *Haemophilus Influenzae* type b?

Ang **dipterya** ay isang malubhang impeksyon sa ilong at lalamunan na dulot ng dipteryang bakterya. Ang bakterya ay kumakalat sa hangin sa pamamagitan ng pagbahing o pag-ubo at sa pamamagitan ng direktang pagkakadikit ng balat sa balat. Ang sakit ay maaaring magresulta sa napakaseryosong mga problema sa paghinga. Maaari rin itong maging sanhi ng pagpalya ng puso at paralisis. Humigit-kumulang 1 sa 10 na tao na nagkakaroon ng dipterya ay maaaring mamatay.

Ang **Tetano**, na kilala rin bilang lockjaw (paninigas ng panga), ay sanhi ng bakterya na kadalasang matatagpuan sa lupa. Kapag ang bakterya ay pumasok sa balat sa pamamagitan ng isang hiwa o gasgas, ang mga ito ay gumagawa ng isang lason na maaaring maging sanhi ng masakit na paninikip ng mga kalamnan sa buong katawan. Napakaseryoso kung mapektuhan ang mga kalamnan sa paghinga. Hanggang 1 sa 5 tao na nagkakaroon ng tetano ay maaaring mamatay.

Ang **pertussis**, na kilala rin bilang mahalak na ubo [whooping cough], ay isang malubhang impeksyon sa mga daanan ng hangin na dulot ng pertussis na bakterya. Ang bakterya ay madaling kumalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing o malapit na pakikipag-ugnay nang harap-harapan. Ang pertussis ay maaaring magdulot ng pulmonya, mga sumpung, pinsala sa utak o kamatayan. Ang mga komplikasyon na ito ay madalas na nakikita sa mga sanggol. Ang pertussis ay maaaring magdulot ng matinding pag-ubo na kadalasang nagtatapos sa isang mahalak na ubo bago ang susunod na hininga. Ang ubo na ito ay maaaring tumagal ng ilang buwan at nangyayari nang mas madalas sa gabi. Humigit-kumulang 1 sa 170 na sanggol na nagkakaroon ng pertusis ay maaaring mamatay.

Ang **Hepatitis B** ay isang virus na umaatake sa atay. Maaari itong magdulot ng malubhang sakit kabilang ang permanenteng pinsala sa atay na tinatawag na cirrhosis. Ang Hepatitis B ay isa rin sa mga pangunahing sanhi ng kanser sa atay, na maaaring nakamamatay. Ang hepatitis B virus ay kumakalat sa pamamagitan ng pagkontak sa dugo o mga likido ng katawan mula sa isang taong nahawaan ng virus. Ang mga ina na nahawaan ng hepatitis B virus ay maaaring maipasa ang virus sa kanilang mga bagong silang na sanggol sa panahon ng panganganak. Kapag ang mga maliliit na bata ay nahawahan ng hepatitis B virus madalas silang walang mga sintomas ngunit karamihan ay mananatiling nahawaan habang buhay. Ito ang dahilan kung bakit ang pagkuha ng proteksyon mula sa bakuna sa batang edad ay mahalaga.

Ang **polyo** ay isang sakit na dulot ng impeksyon na may virus. Habang ang karamihan sa mga impeksyon sa polyo ay hindi nagpapakita ng mga sintomas, ang mga iba ay maaaring magresulta sa paralisis ng mga braso o mga binti at maging kamatayan. Ang paralisis ay nangyayari sa humigit-kumulang 1 sa 200 tao na nahawaan ng virus ng polyo. Maaaring kumalat ang polyo sa pamamagitan ng pagkontak sa pagtae (dumi) ng isang taong nahawahan. Ito ay maaaring mangyari sa pagkain o pag-inom ng tubig na kontaminado ng dumi.

Ang ***Haemophilus influenzae* type b** ay isang bakterya na kadalasang nakakahawa sa mga batang wala pang 5 taong gulang. Maaari itong magdulot ng malubha at nagbabanta-sa-buhay na mga impeksyon kabilang ang meningitis, isang impeksiyon ng lining na sumasaklaw sa utak, septicemia, isang impeksyon sa dugo. Ang impeksyon ng *Haemophilus influenzae* type b ay kumakalat sa pamamagitan ng pag-ubo, pagbahing o pagkakaroon ng malapit na harap-harapang pakikipag-ugnayan. Sa bawat 20 bata na nagkakasakit, 1 ang maaaring mamatay.



ImmunizeBC



BC Centre for Disease Control  
Provincial Health Services Authority

Para sa karagdagang HealthLinkBC File na mga paksa, bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files](http://www.HealthLinkBC.ca/more/resources/healthlink-bc-files) o ang iyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Para sa hindi pang-emerhensiyang impormasyon sa kalusugan at payo sa B.C. bisitahin ang [www.HealthLinkBC.ca](http://www.HealthLinkBC.ca) o tawagan ang **8-1-1** (libreng-tawag). Para sa bingi at nahihirapang makarinig, tumawag sa **7-1-1**. Ang mga serbisyo ng pagsasalín ay makukuha sa mahigit sa 130 mga wika kapag hiniling.